Mensahe Lima

# Tinatanganan ang Katotohanan at Nagpapatotoo sa Katotohanan Na ang Ekklesia ay ang Haligi at Suhay ng Katotohanan at ang Sama-Samang Pagpapakita ng Diyos sa Laman

Babasahin sa Kasulatan: 1 Tim. 3:15-16; 2:4; 2 Tim. 2:15; Juan 18:37

**I. Ang Ekklesia ay ang nagsusuportang haligi at ang tumataban na suhay ng katotohanan—1 Tim. 3:15:**

A. Ninanais ng Panginoon na ang Kanyang makilala Siya ng ekklesia bilang ang katotohanan upang makapagpatotoo hinggil sa Kanya bilang ang katotohanan—Juan 14:6; 18:37; 1 Juan 1:6; 5:20.

B. *Katotohanan* sa 1 Timoteo 3:15 ay tumtukoy sa mga tunay na bagay na inihayag sa Salita ng Diyos, na pangunahing si Kristo bilang ang pagkakatawan ng Diyos at ang ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo—2:4; Col. 2:9, 19.

C. Ang katotohanan ay ang Tres-unong Diyos, tinataglay si Kristo bilang ang pagsasakatawan, sentro, at kahayagan upang ibunga ang ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo, ang bahay ng Diyos, at ang kaharian ng Diyos—b. 9; Efe. 1:22-23; 4:16; 1 Tim. 3:15; Juan 3:3, 5.

D. Dinadala ng ekklesia si Kristo bilang ang realidad; ang ekklesia ay nagpapatotoo sa buong sansinukob na si Kristo, at tanging si Kristo, ang realidad—1:14, 17; 14:6.

E. Bilang ang hanligi na nagdadala sa katotohanan at ang suhay na tumatangan sa haligi, ag ekklesia ay nagpapatotoo sa realidad, sa katotohanan, ni Kristo bilang ang hiwaga ng Diyos at ang ekklesia bilang ang hiwaga ni Kristo—Col. 2:2; Efe. 3:4.

F. Ang uri ng ekklesia na ating itatayo ay nakasalalay sa kung anong uri ng katotohanan ang ating itinuturo; kaya, may mahigpit na pangangailangan ng buhây na katotohanan upang maibunga ang ekklesia, upang tulungan ang ekklesia na umiral, at upang itayo ang ekklesia—1 Tim. 3:15.

G. Ang pinakamalaking pangangailangan na dapat nating tugunan at ang dalhin ang mga banal tungo sa katotohanan; lahat ng mga banal ay dapat masanay sa dibinong pahayag—2:4.

**II. Lahat ng mga banal ay kailangang tumaban sa katotohanan—3:9, 15; 2 Tim. 2:15:**

A. Ang nagsusuportang haligi at ang tumataban na suhay ng katotohanan ay ang buong ekklesia, na binubuo ng lahat ng mga banal; bawat sangkap ng ekklesia ay bahagi ng haligi at suhay na tumataban sa katotohanan—1 Tim. 3:15.

B. Ang ekklesia bilang ang haligi at suhay ng katotohanan ay nagpapahiwatig na bawat sangkap ng ekklesia ay dapat makaalam sa katotohanan; kaya, dapat tayong magpasya na matutuhan ang katotohanan—2:4:

1. Ang ekklesia, kasama ang bawat mananampalataya, ay dapat tumaban sa katotohanan—3:9.
2. Upang ang ekklesia ay maging malakas, bawt kapatid ay dapat tumaban sa katotohanan sa pamamagitan ng pagkatututo sa katotohanan, nararanasan ang katotohanan, at nakapagsasalita ng katotohanan—2:4.
3. Kung ating isasagawa ang katotohanan sa pang-araw araw na buhay ekklesia, magagawa nating magdala ng ilang responsabilidad sa pagtaban ng katotohanan—2 Juan 4; 3 Juan 3-4, 8.

**III. Kailangan nating tabanan ang katotohanan at magpatotoo sa katotohanan na ang ekklesa ay ang sama-samang pagpapakita ng Diyos sa laman—1 Tim. 3:15-16:**

A. Ang pagpapakita ng Diyos una ay kay Kristo bilang isang indibiduwal na kahayagan sa laman—b. 16; Col. 2:9; Juan 1:1, 14:
   1. Ang Bagong Tipan ay hindi nagsasabi na ang Anak ng Diyos ay nagkatawang tao; inihahayag nito na ang Diyos ay naipakita sa laman—1 Tim. 3:15-16:
      a. Ang Diyos ay naipakita sa laman hindi lamang bilang ang Anak bagkus bilang ang buong Diyos—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu.
      b. Ang buong Diyos at hindi lamang ang Diyos Anak ay nagkatawang tao; kaya, si Kristo sa Kanyang pagkakatawang tao ay ang buong Diyos na naipakita sa laman:
         (1) Sa Kanyang ministeryo sa yugto ng pagkakatawang tao, dinala ni Kristo ang di-nahahanggahan Diyos tungo sa taong may hangganan; kay Kristo ang di-nahahanggahan Diyos at ang taong may hangganan ay naging isa—Juan 8:58; 7:6; 12:24.
         (2) Sa pamamagitan ng dibinong inkorporasyon—ang Diyos sa Kanyang Dibinong Trinidad ay myutwal na nananahan at magkalakip na gumagawa bilang isa—ay dinala tungo sa pagkatao; si Kristo sa gayon at ang inkorporasyon ng Tres-unong Diyos kalakip ang taong may tatlong bahagi—14:10-11.
   2. Kay Kristo ay nananahan ang buong kapuspusan ng Pagkadiyos ayon sa laman—Col. 2:9:
      a. *Ang buong kapuspusan ng Pagkadiyos* ay tumutukoy sa buong Pagkadiyos, sa kumpletong Pagkadiyos.
      b. Yamang ang Pagkadiyos ay binubuo ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu, ang kapuspusan ng Pagkadiyos ay tiyak na kapuspusan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu.
      c. Na ang buong kapuspusan ng Pagkadiyos ay nananahan kay Kristo ayon sa laman ay nangangahulugan na ang Tres-unong Diyos ay naisakatawan sa Kanya—Juan 14:10.
      d. Bilang ang pagsasakatawan ng kapuspusan ng Pagkadiyos,si Kristo ay hindi lamang ang Anak ng Diyos bagkus ang buong Diyos din.

B. Ipinapahiwatig ng 1 Timoteo 3:15-16 na hindi lamang si Kristo mismo bilang ang Ulo ay ang pagpapakita ng Diyos sa laman bagkus ang ekklesia rin bilang ang Katawan ni Kristo at ang bahay ng Diyos ay ang pagpapakita ng Diyos sa laman—ang hiwaga ng pagkamakadiyos:
   1. *Pagkamakadiyos* sa bersikulo 16 ay tumutukoy hindi lamang sa kabanalan bagkus sa pamumuhay ng Diyos sa ekklesia, yaon ay, ang Diyos bilang buhay na ipinamuhay sa ekklesia upang maihayag:
      a. Kapwa si Kristo at ang ekklesia ay ang hiwaga ng pagkamakadiyos, inihahayag ang Diyos sa laman.
      b. Ang buhay ekklesia ay ang kahayagan ng Diyos; samakatuwid, ang hiwaga ng pagkamakadiyos ay ang pamumuhay ng isang wastong ekklesia—1 Cor. 1:6; 14:24-25.
   2. Ang Diyos ay naipakita sa ekklesia—ang bahay ng Diyos at ang Katawan ni Kristo—bilang ang pinalaki sama-samang kahayagan sa laman—Efe. 2:19; 1:22-23:
      a. Ang pagpapakita ng Diyos sa laman ay nagsimula kay Kristo nang Siya ay nasa lupa—Juan 14:9.

b. Ang pagpapakita ng Diyos sa laman ay nagpapatuloy sa ekklesia, na siyang ang paglaki, paglaganap, at pagdami ng pagpapakita ng Diyos sa laman—1 Tim. 3:15-16.
c. Ang gayong ekklesia ay nagiging ang pagpapatuloy ng pagpapakita ni Kristo ng Diyos sa laman—si Kristo na naibuhay sa ekklesia bilang ang pagpapakita ng Diyos.

3. Ang dakilang hiwaga ng pagkamakadiyos ay yaong ang Diyos ay naging isang tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa Pagkadiyos upang ibunga ang sama-samang Diyos-tao para sa pagpapakita ng Diyos sa laman—Rom. 8:3; 1:3-4; Efe. 4:24.

*© 2021 Living Stream Ministry*